# Kung sakaling nagkaroon ang anak ni Adan ng dalawang lambak ng yaman, talaga sanang naghangad siya ng ikatlong lambak

Ayon kay Anas (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kung sakaling nagkaroon ang anak ni Adan ng dalawang lambak ng yaman, talaga sanang naghangad siya ng ikatlong lambak. Hindi nakapupuno sa sikmura ng anak ni Adan kundi ang alabok. Tumatanggap si Allāh ng pagbabalik-loob ng sinumang nagbalik-loob."}
[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na kung sakaling nagtamo ang anak ni Adan ng isang lambak na pinuno ng ginto, talaga sanang umibig siya, dahil sa sigasig niya na pagkalikas niya, na magkaroon ng dalawa pang lambak. Hindi siya natitigil sa pagiging masigasig sa kamunduhan hanggang sa mamatay siya at mapuno ang sikmura niya ng alabok ng libingan niya.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee